OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Cultural Facilities Fund 2025 Guidelines (Mga Alituntunin ng Pondo Para sa Mga Pasilidad Pangkultura 2025)

## Pangkalahatang impormasyon sa Gawad

Itinataguyod ng Cultural Facilities Fund (Pondo Sa Mga Pasilidad Pangkultura) ang mga proyektong pangpasilidad ng mga organisasyon sa sining, kultura at pamana. Ang aming layunin ay lumikha ng higit na mabuting pag-access para sa mga taong hindi makatarungang napag-iwanan sa pagmamay-ari, pamamahala, o pagpapaupa ng ari-arian.

**Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging kwalipikado o online na teknikal na suporta,** makipag-ugnayan sa Cultural Faciltieis Fund Project Manager sa CulturalFacilitiesFund@seattle.gov o kay Ashraf Hasham, Partnerships, Education, and Grants Manager sa 206-514-1057.

**Mayroon kaming mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video).** Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang sandaling paghihintay habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

## Aplikasyon

Mag-aplay online sa: https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new

Para sa mga organisasyong interesado sa pag-apply sa Cultural Facilities Fund at sa aming Centering Art & Racial Equity na program, iisang online na aplikasyon ang ginagamit ng dalawang gawad na ito.

Kung wala kayong access sa computer o internet, ipaalam sa amin at makikipagtulungan kami sa inyo upang makahanap ng mga opsyon na maaaring magamit.

## Takdang Petsa

**Martes, Agosto 5, 2025, 5 p.m. Pasipiko**

Mangyaring bigyan ng sapat na panahon na makumpleto ang inyong aplikasyon. Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na isinumite matapos ang takdang oras na 5 p.m. (Pasipiko).

## Pagiging kwalipikado

- Kayo ay dapat isang inkorporadang organisasyon sa sining, kultura, pamana o nagseserbisyo sa sining na nakabase sa Seattle.

  - Maaari kayong inkorporada bilang isang nonprofit na organisasyon o itinatangkilik sa pananalapi ng isang nonprofit.
  - Maaari kayong inkorporada bilang isang for-profit na organisasyon, ngunit ang inyong kabuuang taunang kita para sa pinakahuling natapos na piskal na taon ay hindi humihigit sa $5,000,000.
- Dapat ninyong kinakatawan ang mga komunidad na pinakanaapektuhan ng istrukturang rasismo at pang-aapi at/o nagpapakita ng pangako sa pagiging isang laban sa rasismo na organisasyon sa pamamagitan ng intersectional na mga lente.
- Kailangang mayroon kayong hindi kukulang sa tatlong taong kasaysayan ng pagbibigay ng pampublikong benepisyo sa mga residente ng Seattle.
- Kailang magpakita kayo ng rekord ng patuloy na pangsining o pangkulturang mga nagawa sa Seattle.
- Kailangang mayroon kayong Federal Tax ID na numero, City of Seattle Business License, at nakabase sa lungsod ng Seattle.

Kontrol sa site:

- Para sa mga gastos na "pre-capital", tulad ng feasibility na pag-aaral, mga serbisyo sa arkitektura o engineering, walang kailangang kontrol sa site.
- Para sa pagpapabuti ng pasilidad, mga pagkukumpuni ng gusali, at ibang mga tahasang kapital na proyekto, kailangan ninyong may kontrol sa pasilidad sa pamamagitan ng pagmamay-ari o pag-upa (hindi bababa sa limang taong pagkontrol ng site, na maaaring kumbinasyon ng nalalabing taong naiiwan sa isang pag-uupa at isang unilateral na opsyon ng pagpapalawig).

## Pagpopondo

Maaari kayong humiling **ng hanggang $50,000** para suportahan ang direktang gastos sa proyekto. Maaaring ang mga gawad ay mas mababa sa hinihiling na mga halaga. **Maaari kayong magsumite para sa isa sa dalawang antas ng pagpopondo.**

Para sa Unang Antas, isasaalang-alang ang mga aplikasyon para sa hanggang $25,000. Para sa Pangalawang Antas, isasaalang-alang ang mga aplikasyon para sa higit sa $25,000 at hanggang sa $50,000. Ang mga aplikante para sa Pangalawang Antas ay kailangang magpakita ng hindi bababa sa 50% ng kanilang kabuuang badyet sa proyekto ang nakumpirma bago mag-apply para sa Cultural Facilities Fund.

## Mga Pang-Impormasyong Workshop

Sumali sa isang birtwal na workshop upang matuto ng higit pa tungkol sa gawad na ito at kung paano magsumite ng inyong pinakamahusay na aplikasyon. Ang unang oras ng bawat workshop ay bibigyan pansin ang pag-aaplay para sa aming gawad sa Centering Art & Racial Equity. Kung kayo ay interesado ring matuto tungkol sa gawad na Cultural Facilities Fund na ito, magbalak kayong manatili para sa buong 90 minuto.

**Ika-1 na Workshop**

Huwebes, Mayo 29, 2025 mula 10:30 a.m. - 12:00 p.m. Pasipiko
RSVP sa 5/29

**Ika-2 na workshop 🤟 ASL-interpreted**
Lunes, Hunyo 2, 2025 2:30 - 4:00 p.m. Pasipiko
RSVP sa 6/2

**Ika-3 na Workshop**
Martes, Hunyo 24, 2025, 12:00 p.m. - 1:30 p.m. Pasipiko
RSVP sa 6/24

**Ika-4 na Workshop**
Miyerkules, Hulyo 9, 2025, mula 1:00 - 2:30 p.m. Pasipiko
RSVP sa 7/9